LUNGSOD NG BELLFLOWER
MARSO 3, 2009, PANGKALAHATANG HALALANG PAMBAYAN

Batay sa mga batas na umiral ng 2008, ang impormasyong ito ay inihanda bilang serbisyo publiko at inillaan upang gawing batayan at gabay lamang. Para sa higit pang kaalaman, tawagan ang Opisina ng Kleriko ng Lungsod sa (562) 804-1424 o bumisita sa Gusaling Panglungsod sa 16600 Civic Center Drive, Bellflower.

MGA KADALASANG KATANUNGAN:

IMPORMASYON SA HALALAN

T ***Kailan ang susunod na pangkalahatang munisipal na eleksiyon sa Lungsod ng Bellflower?***

Martes, Marso 3, 2009

T ***Ilang mga opisina ang bukas, ano ang mga termino, at ano ang mga pangunahing pananagutan ng mga Miyembro ng Lungsod Konseho?***

Dalawang puwesto ng Lungsod Konseho ang mababakante. Ang termino ng bawat isa ay apat na taon.

Ang Lungsod Konseho ng Bellflower ay binubuo ng 5 kasapi (inihalal ng marami). Ang Alkalde at Alkalde ProTem ay pinili ng Lungsod Konseho mula sa kanilang sariling mga miyembro upang mamahala sa mga pagpupulong at tumayong seremonyal na mga pinuno ng Lungsod. Ang pangunahing pananagutan ng Lungsod Konseho ay ang magtatag ng mga lokal na batas, magtayo ng patakaran, makapagpatibay ng mga programa, maglaan ng mga pondo, at magbigay sa mga mamamayan nito ng isang mas mainam, mas maakit at mas ligtas na lugar tirahan.

T ***Ano ang karapat-dapat na (mga) katangian upang kumandidato sa Lungsod Konseho?***

Ang mga kakandidato sa Lungsod Konseho ay dapat na isang nakarehistro na botante ng Lungsod ng Bellflower sa panahon ng paglabas ng Mga Papel ng Nominasyon. Sa panahon ng pagnomina/pagfile (Nobyembre 10, 2008, hanggang Disyembre 5, 2008), ang mga botante ay maaaring magnomina ng mga kandidato para sa eleksiyon sa pamamagitan ng paglagda sa isang Papel ng Nominasyon. Ang bawat kandidato ay imumungkahi ng di bababa sa 20 o hihigit sa 30 nakarehistrong botante ng Lungsod ng Bellflower.

T Mayroon bang bayarin sa pagfile?

Wala, gayunman, ang mga kandidato, sa sarili nilang gastos ay maaaring magbigay ng Pahayag ng mga Katangian na isasama sa Sampol na Balota at Botanteng Impormasyong Pamplet.

T Ano ang mga dapat kong malaman kung nais kong kumandidato?

Nobyembre 10, 2008, hanggang Disyembre 5, 2008, ay ang panahon ng pagnomina/pagfile ng mga nais kumandidato sa Lungsod Konseho sa Marso 3, 2009, Pangkalahatang Munisipal na Eleksiyon. Sa panahong ito (kabilang ang 2 araw na nabanggit), ang Kleriko ng Lungsod ay magbibigay sa mga kandidato, o kanilang mga kinatawan, ng kumpletong Bilot ng Nominasyon, na kasama ang lahat ng mga kailangang mga pormularyo at balangkas ng mga pamamaraan (magbigay po lamang ng isang oras upang masuri ang mga ito ng Kleriko ng Lungsod). Sa pagkakataon LAMANG na ang isang nanunungkulang kasapi ng Lungsod Konseho ay hindi makapagfile sa alas 5 o bago mag alas 5 ng hapon, sa huling araw na Disyembre 5, ang panahon ng pagnomina/pagfile ay daragdagan pa ng 5 araw.

Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa Opisina ng Kleriko ng Lungsod sa pagitan ng 8:30 n.u. hanggang 5 n.h., Lunes hanggang Biyernes, liban sa mga piyesta opisyal, sa Gusaling Panglungsod ng Bellflower, 16600 Civic Center Drive, Bellflower, California, sa ikalawang palapag (may elebetor po). Telepono bilang (562) 804-1424, ekstensiyon 2222 o 2221.

T Kailan manunungkulan ang mga nahalal na Lungsod Konseho?

Ang mga nahalal na kandidato ay mauupo sa Pulong ng Lungsod Konseho sa 7 n.g. sa Gusaling Panglungsod sa Marso 17, 2009, kung kailan ang isang maiksing panunumpa ay gagawin. Kasunod ng seremonya ng panunumpa, ang Lungsod Konseho ay magsasaayos muli upang pumili ng kanilang Alkalde at Alkalde Pro Tem mula sa mga kasapi nito.